Ang Bayan ng Nagcarlan

Ang bayan ng Nagcarlan sa lalawigan ng Laguna ay itinatag noong 1565 ni Ana Calang, isang babaing katutubo na kilala sa kanyang kayamanan. Ang kanyang tahanan ay itinayo sa dakong timog, kalahating kilometro ang layo sa dating bayan. Makikita pa ngayon ang labi ng tahanang iyon. Noong itayo ang unang simbahang katoliko dito, si Ana Calang ay nagabuloy ng malaking halaga para sa pagpapatindig ng nasabing simbahan. Isang kalyeng nalalatagan ng matitigas na bato ang ipinagawa buhat sa kanyang tahanan hanggang sa ipinatatayong simbahan noon.

Nang malaman ng pari parokong si Padre Cristobal Jones na walang pangalan ang pook na iyon, ipinasiya niyang gawing Nagcarlan ang pangalan bilang pagbibigay karangalan kay Ana Calang noong taong 1752.[20]

Nang ang mga Kastila ay makarating sa bayang ito, ang unang ginawa nila ay gawing Kristiyano ang mga katutubo. Lumaban ang mga katutubo sa mga Kastilang pinamumunuan ni Kapitan Juan de Salcedo, apo ni Legaspi, kaya nabalam ang pagiging kristiyano ng marami sa palibot-libot na pook at bayan. Noong 1599, si Don Jose Banol, alkalde mayor ng lalawigan ay bumisita sa Nagcarlan at binigyan niya ng karapatang maging Kapitan ng bayan si Don Gaspar Gahupa, isang katutubo.

Nang taon 1752 sa pamumuno ni Fr. Cristobal Torres itinayo ang unang simbahang katoliko. Nasunog ito noong 1781 at itinayong muli sa panahon ni Fr. Anastacio de Argogrojo at Fernando de la Pueblo. Ang pagpapatayo ng gusali ng simbahan ay naisagawa sa pangunguna ni Donya Ana Calang. Dahil sa babaing ito kung kayat ang pang-araw-araw na misa ay hindi sinisimulan hanggang wala siya sa simbahan. Ang pangalan ni Ana Calang ay iniukit na sa likod ng Altar. Hanggang sa ngayon ay makikita pa ito sa likod ng altar.

Ang unang bahay Pamahalaan ay itinayo noong 1845 sa pangangasiwa ni Fr. Vicente Villoc at Kapitan Juan Pompa, kasunod niyon ay itinayo rin ang pamilihang-bayan, gayundin naglaan ng isang bahagi ng lupa sa may tabi ng bayan para sa libingan ng bayan.

Ang lupa sa mga nayon ng Nagcarlan ay mataba at nababagay sa mga halaman. Nakararami sa mga mamamayan ay magsasaka. Ang kanilang pinagkikitaan ng ikinabubuhay ay ang niyog, palay, lansones, prutas, camote, gabi at ibang mga gulayin.

---

20 Rev. Fr. Juan S. Coronel, The Dioceses of Lipa, Historical notes, 1910-1960.

National Library of the Philippines MLP0000000LAL29230.tif

Ang mga naninirahan sa bayan ng Nagcarlan ay hindi pa nakalilimot sa magandang kaugaliang Pilipino. Mahusay sila sa pagtanggap ng mga panauhin lalo na kung kapistahan ng bayan na kanilang kinahihiligan sa paghahanda ng masasarap na pagkain at pinaglalaanan ng mga inimpok na salapi at pagkain sa buong taon.

Ang Nagcarlan ay may magagandang tanawing maipagmalaki sa mga panauhin. Sa taluktok ng bundok ng San Cristobal ay makikita ang "Lake Dagatan." Malamig ang pook na ito at magandang tanawin. Makikita ang magagandang pook sa paligid-ligid na maaring maitulad sa tanawin ng Tagaytay. Ito ay ginagawang bakasyunan ng mga tao dahil sa kaaya-ayang sibol.

Ang "Philippine Power and Development Authority Company" ay itinayo sa pook ng Balayong at Palina, dalawang nayon na nasasakupan ng Nagcarlan. Dinarayo rin ng mga tao ang "Bunga Twin Falls" na nasasa nayon ng Bunga.

Ang Nagcarlan ay nabibilang sa ikatlong uri ng bayan sa lalawigan ng Laguna. Sa nakaraang taong piskal ang pamahalaan ay kumita ng halagang umaabot sa ₱229,311.82. Ang kinitang ito ang siyang pinagkukunan ng gugulin sa pagpapagawa at pagkukumpuni ng mga lansangan sa loob at labas ng bayan, sa pagpapatayo ng gusaling pampamahalaan at pampaaralan, sa pagangkat ng mga kagamitang pantanggapan at sa pasahod sa mga pinuno at kawani ng pamahalaang bayan.

Ang saklaw ng Nagcarlan ay may 7,812 ektaryang lupa. Ito ay nababahagi sa kinatatayuan ng bayan at ng apatnapu't siyam na nayon.[21]

Tulad sa lahat ng nayon sa buong kapuluan, ang mga ito ay may sarili na ring pamunuang gumaganap ng tungkuling pang-kaunlaran ng nayon. Ang kitang salapi ng mga nayong ito ay nanggagaling sa ika-10 bahagdan (10%) ng buwis ng lupang masasakupan, at sa ibang buwis na ipinapatong na pamunuang nayon sa mga tindahan, at iba pang mga ari-ariang sakop ng nayon.

Ang mga nayon ng Nagcarlan ay ang sumusunod:

1. Abo (Mal.) Abu 'ash'
2. Alibunbungan Tg. alibungbong Tg. bumbong 'bamboo container'
3. Alumbrado (Kast.)
4. Balayong Tg. balayong 'uri ng kahoy'
5. Balimbing Tg. balimbing ' a kind tree'
6. Balinacon

---

[21] Mga tala sa munisipyo ng Nagcarlan.

National Library of the Philippines HLPDGNGHDLAL29239.tif

7. Bambang (Tg.) bambang 'kanal'
8. Banago
9. Banca-Banca (Kast.) banca 'boat'
10. Bangkuro
11. Banilad (Tg.) nilad 'a kind of plant'
12. Bayaquitos Tg. bayakitos 'uri ng kahoy'
13. Buboy Mal. babi 'pig'
14. Buenavista (Kast.)
15. Buhanginan Tg. buhangin 'sand'
16. Bukal Tg. bukal Kast. bocal 'spring'of fresh water'
17. Bunga (Mal.) bush 'areca palm'
18. Cabuyaw Tg. kabuyaw 'a kind of citrus'
19. Calumpang Tg. kalumpang 'a kind of tree'
20. Kabubuhayan, kanluran Mal. buhay 'life'
21. Kabubuhayan, silangan Tg. silangan 'east'
22. Labangan (Tg.) 'an eating place of a pig'
23. Lagulo
24. Lawaguin
25. Hasaan, Kanluran Mal. asah 'sharping'
26. Hasaan, Silangan, idea
27. Maiit
28. Malaya Tg. laya 'free'
29. Malinao Tg. linaw Mal. lanaw
30. Manaol Tg. taol 'isang uri ng katutubong sakit ng bata'
31. Maravilla Tg. maravilla 'apelyido ng tao'
32. Nagcalbang
33. Napapatid, Silangan Tg. patid 'cut off'
34. Oples Tg. uplo 'sand leaves'
35. Palayan Mal. palay 'rice'
36. Paling Tg. paling 'slope'
37. Sabang Mal. sapang 'a kind of tree'
38. San Francisco (Kast.)
39. Santa Lucia (Kast.)
40. Sibulan Mal. sibol 'growth'
41. Silangang Ilaya Mal. idaya 'north'
42. Sinipian Tg. sipi (sapi) 'kopya' ('support')
43. Salsugin Tg. susog 'to trace'
44. Talahib Tg. talahib 'a kind of tall grass'
45. Talangan Tg. talang 'maholo'
46. Taytay (Tg.) 'bamboo plank'
47. Tipacan (Tg.) tipak 'piece'
48. Wakas (Tg.) wakas 'end'
49. Yukos Tg. yukos 'Squeeze'

(Ang kasaysayang ito ay hango sa tesis ni Estelita C. Averion, Abril, 1971).

National Library of the Philippines MLP0000GLAL2924D.tif

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG LAGUNA
BAYAN NG NAGCARLAN
PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

ALAMAT NG BAYAN NG NAGCARLAN
(Bayang May Sementeryo sa Ilalim ng Lupa)

Isa sa pinakamalaking bayan sa ikalawang purok ng Laguna ay ang bayan ng Nagcarlan. Ito ay natatagpuan sa paanan ng mga bundok ng Banahaw at Cristobal at napapaligiran ng magagandang tanawin. Kinatatagpuan ito ng ilang malalaking ilog na dinadaluyan ng malinis at malamig na tubig.

Sa ngayon ito'y may mga dalawamput pitong libong masisipag na mamamayan at klasipikado bilang pangalawang uri ng munisipyo. Ilan sa mahalaga nitong produkto ay niyog, lansones, palay, at ibat ibang prutas at gulay na labis-labis pang panustos sa pangangailangan ng mga naninirahan dito.

Kung mayroon mang maipagmamalaki ang bayan ng Nagcarlan, ito'y ang pagkakaroon niya ng mga makaibigan at mabuting sumaludar na mga mamamayan. Mapatutunayan ito ng mga taga ibang lugar, kung sila ay napapadalaw sa mga taga-Nagcarlan, sa anumang araw lalo na sa araw ng kapistahan ng kanilang patron, San Bartolome at San Diego, tuwing ika-24 at 25 ng Agosto.

Sa tuwing tag-init ang bayan ng Nagcarlan ay pinagdarayo araw-araw ng napakaraming turistang lokal. Mangyari pa, sapagkat bukod sa malamig na klima nito matatagpuan din dito ang ilang magagandang lugar at resort gaya ng Real Resort, Villa Sylvia, Castillo Resort, Bunga or Twin Falls, Talahibing River, Villa Mercedes at iba pa.

Maraming pala-palagay kung paano kinuha ang pangalang Nagcarlan para sa bayang ito. Ayon sa ilang matatanda ang Nagcarlan daw ay nanggaling sa salitang Nagkarlang. Nang dumating ang mga Kastila rito, ang mga mamamayan daw ay nakipaglabang mabuti sa mga manlulupig kung kayat ang Nagcarlan ay nahuhuling malipat sa pagiging kristiyano kaysa mga kalapit bayan.

Ayon sa kasulatan ng simbahan na sinulat ng misyonerong Pransiskano na si Reb. Padre Felix de Huertas, ang mga taga-Nagcarlan at Majayjay ay nakipaglaban nang ilang taon sa mga puwersang pinamunuan ni Kapitan Juan de Salcedo noong 1571.

Nang ang bayan ay masakop ng mga Kastila, natagpuan nilang ang mga mamamayan ay pinamumunuan ng isang babaeing tumutugon sa pangalang Ana Panalangin o Ana Kalang ayon naman sa iba, siya ay matapang na puno kung kayat malaki ang paggalang sa kanya ng mga tagasunod. Upang madaling makuha ng mga Kastila ang mabuting pagtingin ng mga mamamayan, kinaibigan nila si Ana Kalang, madalas dumalaw ang mga Kastila sa bahay ni Ana Kalang at ito'y tinawag nilang Donya Ana. Sa tuwing sila'y napapanhik sa bahay ni Donya Ana, madalas ang mga Kastilang ito'y nakakarinig ng kakaibang tunog na animong pinagkukuskos na mga sanga ng punong kahoy na malapit sa bahay na ito. Sa tuwing itatanong ito ng mga Kastila, madalas sagutin ni Ana na yaon ay nagkakalang-kalang lamang ang mga sanga ng punong kahoy. Anupa't sa tuwing maririnig ito ng mga Kastila, paulit-ulit nilang binabanggit ang salitang nagkakalang na parang pilit nilang inilalarawan kung ano nga yaong anyong iyon ng mga sanga, hanggang nawagin nila ang bayang ito na Nagkalang.

Ayon sa ilang natagpuang kasulatan na nagpasalinsalin na ibat ibang henerasyon, sanikap ng mga Kastila na magtayo ng maliit na simbahan sa bayang ito. Upang maakit ang mga mamamayan, sila ay inanyayahan pa ng mga Kastila na magtayo ng kani-kanilang bahay sa kalapit ng simbahan. Subalit

National Library of the Philippines HLPDOMMDLAL29241.tif

dahil sa ang mga mamamayang ito ay di pa gaanong sibilisado, madalas nilang silaban ang maliit na simbahan at pagkaraay tumatakbo patungo sa kagubatan.

Ang unang-unang simbahan rito na yari sa adobe at laryo ay itinayo noong 1781. Ito ay muling ipinatayo sa ilalim ng pangangasiwa ni Reb. Padre Atanacio Argebiejo. Ayon sa ilang matatanda na anila'y ito ang ibinibida ng kanilang mga ninuno na ang pagkakagawang muli ng simbahang ito ay sa pamamagitan ng sapilitang pagtatrabaho ng mga mamamayan sa pangangasiwa ni Ana Kalang. Ang mga lalaki raw noon ay pinahanay mula sa kasalukuyang kinatatayuan ngayon ng simbahan hanggang sa nayon ng Tipacan na siyang pinagkunan ng mga tinitipakan ng adobe. Ang mga adobe daw na ito ay ipinapasa o ipinag-aabut-abutan hanggang sa makarating sa simbahan. Nang mayari na ang simbahan, sinasabing hindi makapagmisa ang pari araw-araw hanggang hindi nakikita si Ana Kalang na nasa loob na ng simbahan. Ang babae raw na ito ay lagi nang may salakot na ginto at bago simulan ang misa ay inilalagay muna ito sa altar. Sang-ayon pa rin sa mga pasalinsaling salaysay ng mga matatanda, mayroon daw daan mula sa likod ng altar patungo sa sementeryong katoliko na nasa ilalim ng lupa. Madalas daw kapag ang pari'y nagtutungo sa sementeryo dito siya nagdarasan.

Dahil nagawa ni Ana Kalang sa mga pari, ang bayang ito, ay ipinangalan sa kanya at ang pangalang ito ay iniukit sa likod ng altar at magpahanggang ngayon ay nasasaning pa ito. Sa pakikipagtulungan ni Ana Kalang ay hindi natagalan at naging madali ang pagpapabinyag sa mga mamamayan. Sila'y tinuruang magtanim upang maparami ang kanilang ani. Nagtayo rin ng mga paaralan at tinuruan ang mga mamamayan ng pagbasa at pagsulat na relihiyon ang pangunahing layunin.

MAHALAGANG BAGAY NA DAPAT MALAMAN SA BAYAN
NG NAGCARLAN

Pangalan	Nagcarlan
Lawak ng Lupain	80,000 HA.
Populasyon	27,495
Uri ng Munisipyo	5th class
Bilang ng Baryo	49

MGA PAMUNUAN NG BAYAN NOONG

PANAHON NG KASTILA
(Spanish Regime)

Juan Tubino	1870
Manuel Lucido	1871-72
Urbano Monserrat	1873
Eulogio Tuico	1874
Martin Artiaga	1875-76
Vicente Suiza	1877-78
Manuel Lucido	1879
Eulogio Tuico	1881-82
Marcos Bueno	1883
Andres Suiza	1884-85
Feliciano Ruperez	1886-88
Martin Montañano	1889-90
Manuel Lucido	1890-92
Hemerto Sotelo	1892-94
Zacarias Coronado	1895-97

PANAHON NG HIMAGSIKAN
(Revolutionary Period)

Juan Peñaflor	1898

National Library of the Philippines MLP0000DLAL29242.tif

Maximino Chipongian - - - - - 1899
Romualdo Vita - - - - - - - - - 1900-01

PAMAHON NG AMERIKANO
(American Regime)

Juan Velasco - - - - - - - - - 1901 - bahagi
Leonardo Lucido - - - - - - - 1901 - bahagi
Salvador Rosales- - - - - - - 1902-03
Ireneo Montefalcon- - - - - - 1904 - bahagi
Francisco Montalban - - - - - 1904-05
Ciriaco Coronado- - - - - - - 1906-07
Maximino Chipongian - - - - - 1908-09
Agripino Viriña - - - - - - - 1910-12
Leonardo Lucido - - - - - - - 1912-16
Valeriano Bueta - - - - - - - 1916-19
Nemesio Esmilla - - - - - - - 1919-28
Dominador Matienzo- - - - - - 1928-31
Candido Cariaga - - - - - - - 1931-34
Nemesio Esmilla - - - - - - - 1934-37

REPUBLIKA NG PILIPINAS
(Republic)

Esteban Veridiano - - - - - - 1948-51
Jose T. Coronado - - - - - - 1952-55
Jose T. Coronado - - - - - - 1956-59
Jose C. Lirio - - - - - - - - 1960-63
Jose T. Coronado- - - - - - - 1964-67
Jose C. Lirio - - - - - - - - 1968-71
Crisostomo P. Manalang- - - - 1972 - hanggang sa kasalukuyan

ALAMAT NG MGA NAYON SA NAGCARLAN

ALAMAT NG BALINACON

Noong unang panahon ang pook na ito ay kagubatan. Mayroon lamang kaunting linang sa kabilang pampang ng ilog. Itong linang na ito ay pag-aari ng mag-asawang ang pangalan ay Ciriaco at Angelina. Ang tawag ng babae sa kanyang mahal na asawa ay Akong.

Araw-araw ang mag-asawang Akong at Angelina ay pumupunta sa kabilang pampang upang magtrabaho sa linang. Sila ay tumatawid ng tubig. Upang sila ay hindi mabasa ay nilagyan ni Akong ng isang kawayan upang kanilang tawiran papunta sa kanilang linang.

Isang araw ang mag-asawa ay pauwi na pagkatapos na maghapong gawa sa linang. Si Angelina ang unang tumawid sa tulay na kawayan at hihintayin naman niya si Akong sa kabila. Nang si Akong ang tumatawid sa tulay, ang kawayan ay nabali. Narinig ni Angelina ang lagitik, kaya malakas na sumigaw, "Bali na Akong, bali na Akong, bumalik ka na. Narinig ng mga tao ang hiyaw ni Angelina, at simula noon ay tinawag na ang pook na yaon ng Balinacon.

ALAMAT NG SILANGANG ILAYA

Noong unang panahon na may ilang daang taon na ang nakalilipas ay may mga kastila na nanirahan dito sa bayan ng Nagcarlan, na pinamumunuan ni Donya Ana Kalang. Sapagkat si Donya Ana Kalang ang siyang namumuno kung kayat siya ay sinuyo ng mga Kastila upang magpatayo ng simbahan. Kung kayat sa tuwina'y maraming kasamang sundalo si Donya Ana Kalang upang pangasiwaan ang naturang pagpapagawa ng simbahan.

National Library of the Philippines NLPHDMMDLAL29243.tif

Palibhasa, nang mga panahong iyon ay magubat pa ang ilayang bayan ng Nagcarlan kung kayat madalang pa ang mga taong napapadako roon. Subalit minsang hapon, may isang sundalo, sa pangalang Silang Franco ang nangahas mamasyal sa dakong ilaya ng bayan. Sapagkat itong si Silang ay hindi pa sanay sa landas na tinatahak kung kayat siya'y naligaw nang pabalik na sa bayan. Sa kanyang kinalalakad ay may natanawan siyang isang kubong may ilaw. Labis ang kanyang katuwaan sa pag-asakalang malapit na siya sa bayan. Lalo siyang nagtumuling nang paglakad, ngunit laki ang kanyang pagkamangha nang mabatid niyang isa lamang palang maliit na kubo sa gitna ng bukid ang kanyang narating. Palibhasa'y madilim na at wala nang panahon upang hanapin ang landas patungo sa bayan kung kayat napilitan siyang magpatao-po sa may-ari ng kubo. May nagandang kalooban pala naman ang may-ari ng kubo kung kayat kahit hindi siya kilala ay siya'y pinatuloy.

Napag-alaman ni Silang na mamag-ina ang naninirahan sa kubo na ang anak na dalaga ay nagngangalang Elya. Matapos siyang makapaghapunan ay nagkakwentuhan sila ni Elya hanggang sa magkahulihan ang dalawa ng loob.

Doon nagsimula ang maganda nilang pagtitinginan, hanggang mauwi sa matamis na pag-iibigan at nagpatuloy sa kasalan. Ang mag-asawa ay doon na rin nanirahan hanggang sa mapabantog ang matamis nilang pagsasamahan. Palibhasa'y ang mga Kastila ay hindi sanay magsalita ng Tagalog kung kayat ang pangalang Silang at Elya ay nauwi sa Silangang Ilaya. Dito nagsimula ang Alamat ng Silangang Ilaya.

ALAMAT NG ABO

Noong unang panahon ay may isang pag-asawahang naninirahan sa isang malapalasyong tahanan sa labas ng bayan. Ang mag-asawang ito na nagngangalang Asiong at Tekla ay siyang pinakamayaman sa lugal na iyon. Bukod sa kanilang tahanan ay may malawak pa silang tubigan at niyugan na pinagtatrabahuhan ng maraming tao. Sila ay mabait at mapagbigay sa kanilang kapuwa, kayat sila ay minamahal at labis na iginalang ng mga taon roon.

Tuwing pista at mga araw ng pangilin ang lahat ng tao ay malugod na inaanyayahan at pinipiging sa kanilang malapalasyong tahanan. Ang mag-asawang ito ay napabantog sa buong nayon dahil sa kanilang kabaitan at kagandahang-loob. Hindi lamang ito kundi ang kanilang pagkamaawain at pagkamatulungin sa mga dahop at hikahos.

Isang araw ang mag-asawa ay kinumbida ng isang kamag-anak sa kalapit-bayan, kayat sila ay umalis ng mga ilang araw.

Ngunit sa kasamaang palad, samantalang sila'y wala, nagkaroon ng isang malaking sunog na tumupok sa kanilang magandang tahanan. Anumang gawing pagpatay ng mga tao sa apoy ay nawalang saysay. Ang malungkot na balita ay nakarating sa mag-asawa, kayat sila'y napilitang umuwi.

Nang sila'y dumating sa kanila, walang unang namutawi sa kanilang mga labi kundi ang salitang, "ABO." Magmula noon, tinawag ng "Abo" ang lugal na iyon bilang alaala sa malapalasyong tahanan nakatirik doon.

ALAMAT NG KABUBUHAYAN

Noong unang panahon bago pa dumating ang mga Kastila ay may mga tao nang naninirahan sa mga nayon. Ang mga tao ay nawiwiling tumira sa isang pook na nakapagbibigay sa bawat isa ng kasiyahan at kaginhawahan. Sapagkat noon ay wala pang nag-aari ng malawak na lupain kayat ang mga tao ay sa mahusay na pook tumira.

Sa labak ng isang bangin ay may mga taong lapit-lapit ang bahay. Ang mga taong ito'y may timuringang kanilang puno sa pook na iyon. Ang

National Library of the Philippines MLPDOMMODLAL20244.tif

mga ito ay nasiyahan sa pagtira sapagkat may dalawang bukal sa tabi ng bangin. Sila ay may pagkakasundo kayat ang mga bukal ay sinikap nilang gawing kukunan ng lahat ng kanilang pangangailangan. Ang isa ay ginawang balong labahan at ang isa ay pinadaloy na kukunan ng inumin ng lahat. Maingat na maingat nilang inaalagaan sapagkat wala silang kukunan ng tubig liban dito kundi dalawang ilog na ang isa ay sa itaas ng bangin na may isang kilometro ang layo at ang isa ay sa kanluran na totoong malayo. Ang pook na ito ay may daang nayon na ang isa sa mga bukal ay tabi ng daanan kung kayat ang lahat ng taga ibang pook ay hindi lumalampas kundi iinum sa bukal na ito. Ang marami daw sa mga may sakit na nakainom ng tubig dito ay hindi na naitutuloy ng bayan at umiigi na, kayat ang pook ay binigyan ng pangalang "Kabubuhayan."

ALAMAT NG PUTOL

Noong unang panahon ay may pag-asawahan na magkapitbahay sa isang maliit na nayon. Ang pagitan ng magkapitbahay na ito ay isang tulay na matibay.

Isang araw ay nagkagalit ang magkapitbahay na ito dahil sa panibugho. Ang bawat isa sa kanila ay pinagbabawalang tumawid sa tulay na iyon, kayat ang ginawa nila ay pinutol ang tulay. Mula noon ang pook na iyon ay tinawag na nayon ng Putol, sakop ng bayan ng Nagcarlan.

ALAMAT NG BUHANGINAN

Ang Buhanginan ay isa sa mga nayong maliit na hanggan ng Kabubuhayan, Banca-Banca, Kalumpang at San Isidro. Sa nayong ito ay iilan ang tumitira. Walang maraming bahay na lapit-lapit kayat ang makadarating dito'y aakalaing hindi ito nayon.

Sang-ayon sa matatanda ang nayong ito ay pook na dati'y daan ng malaking ilog. Ang kalapit nitong nayon ng Kalumpang ay daan din ng ilog. Ayon sa mga tao dito, mayroon daw dumaang malakas na baha, kayat sa lakas ng tubig ay nag-iba ng daan. Ang agos ng ilog ay nagpasilangan, kayat dito'y naiwan ang malawak na lupang buhanginan. Ang pook na ito ay hindi agad tinirahan ng tao. Ilang bahe muli ang dumaan hanggang sa lumawak ng lumawak ang lupang naiwan ng ilog.

Sa katagalan ng panahon, ang pook na ito ay tinubuan ng mga kahoy at ibe't ibang halaman. Nakita ng mga tao na ang ilog na ito ay hindi na muling babalik sa dati niyang landas kayat tinirahan na ng mga tao at ito'y naging nayong tinawag na "Buhanginan" sapagkat ang buong nayon ay mabuhangin.

ALAMAT NG SIBULAN

Sa isang nayong may kalayuan sa kabayanan ay may nandayuhang isang mistisong kastila. Iyon ay si Bernabe Esmerna. Dumating siya rito kasama ang iba pang mga katutubo. Sa kabutihang-palad siya ang napiling maging unang mamumuno o kabesa de barangay. Ilan pang namuno ang dumating doon at namuhay nang matiwasay. Napansin ito ng isa sa pinakamatanda roon at sinabi niyang, "Itong nayong ito ang sibulan ng mga may mahal na dugo at mga maharlika.". Sa hinaba-haba ng panahon napagsalin-salin ng mga tao ang salita at ang paksang Sibulan ng mga may dugong mahal at mga dayuhan. Magmula noon, tinagurian na nila iyong SIBULAN na nangangahulugan ng pinagbuhatan o pinanggalingan.

ALAMAT NG BANCA-BANCA

Sa isang malayong pook ay may isang maliit na nayon na nakasalikop

National Library of the Philippines MLP0000DLAL29245.tif

sa bayan ng Pila. Ang mga tao rito ay libang sa pangangahoy at pagputol ng mga puno. Ang mga iyon ay ginagawa nilang mga bangka at ipinagbibili. Dahil dito, ang kanilang kabuhayan ay unti-unting umunlad. Nakapagpagawa sila ng kani-kanilang tahanan at naging maayos ang pamumuhay.

Isang araw, isang mamimiling dayuhan ang biglang dumating. Lakihg gulat niya nang mapagmasdan ang napakaraming bangkang nakahanay sa kanayunan. Bawat bahay ay may kani-kaniyang ginagawang bangka sa kanilang harapan. Saan man tumingin ang naasabing dayuhan ay nakakakita ng bangka, kung kayat nasambit na lamang niya'y BANCA-BANCA na ang ibig sabihin ay bangka rine, bangka roon at bangka kahit saan pumaroon. Magmula noon, ang nayong iyon ay tinaguriang BANCA-BANCA.

ALAMAT NG BUBOY

Ang nayong ito ng Buboy ay isa sa mga nayon ng Nagcarlan. Ang Nagcarlan noon ay hindi pa maayos at maunlad. Ang mga tao ay hindi pa sibilisado at edukado. Sinasabi na dito raw sa bayang ito ay mayroong isang lugar na napapalibutan ng iba't ibang mga punungkahoy. Mayroon ditong mga puno ng niyog na siyang ikinabubuhay ng mga tao. Ito ay kanilang iniluluwas at ipinagpapalit ng anumang mga pangangailangan nila. Dahilan sa iyon ang kanilang ikinabubuhay naisipan na mga tao na doon na sila magtayo ng bahay. Ang lugar na ito ay kanilang nilinis. Sa kanilang paglilinis napansin nila na may isang naiibang punungkahoy. Hindi lamang sa iisang lugar tumubo ang punungkahoy na ito, kundi sa iba't ibang lugar. Tinawag nila ang punong iyon ng Buboy.

Minsan ay may dumating na kastila at itinanong ang pangalan ng lugar na iyon. Ang pinagtanungan ay di nakaapuhap ng salita at ang naisagot ay Buboy, buhat sa pangalan ng kakaibang punungkahoy na iyon. Magmula noon ang nayon ay nakilala sa tawag na "Buboy."

ALAMAT NG SAN FRANCISCO

Lahat ng bagay ay may makulay na kasaysayan at ang nayon ng San Francisco ay mayroon ding kanyang pinagmulan.

Ayon sa matandang kasaysayan ang Kanlurang Napapatid at Silangang Napapatid ay galing sa isang malaking nayon na kung tawagin ay Silan.

Noon ay panahon ng mga Kastila at naisip nila na ang nayon ng Silan ay totoong malaki kaya kanila itong hinati. Ang Napapatid ay binigyan nila ng kahulugang nahati.

Mayroon silang paniwala na ang lupa doon ay nahahati sa baha-bahagi na pinagdugtung-dugtong ng mumunting ilog at sapa kaya pinanganlang Napapatid ang lugar na ito. Ikinabit nila sa Napapatid ang mga salitang Kanluran at Silangan.

Sa pagdaan ng panahon, ang mga tao ay natutong malapit sa Diyos at napagkaisahan nila na ang Kanlurang Napapatid ay tawagin nang San Francisco na buhat sa kanilang patron na si San Francisco de Asis. Simula noon hanggang ngayon ito ay nakilala sa taguring ito.

ALAMAT NG BALIMBING

Ang mga tao sa buong Laguna ay hindi nakaligtas sa mga kalupitan at kabagsikan ng mga Kastila. Dito sa Nagcarlan, ang mga taong hindi makatiis sa gayong mga kalupitan ay nagsikilos upang lumikas sa mga kabundukan ng Banahaw at ng San Kristobal. Itong mga hindi nasisiyahan sa pamamalakad ng mga Kastila ay nagsamasama sa ilalim na pamumuno ni Kapitang Balid. Sila ay lumikha ng di-kakaunting ligalig sa mga Kastila.

National Library of the Philippines HLPDOMBDLAL29246.tif

Nang mabatid ni Kapitang Balid ang tungkol sa Katipunan siya at ang kanyang mga tauhan ay naganyak na sumapi sa kapisanahg ito. Ang mga tauhan ay naganyak na sumapi sa kapisanang ito. Ang mga tauhan ni Kapitang Balid na kasapi sa Katipunan ay malimit na sa may puno ng balimbing magdaos ng pulong. Lahat ng kanilang mga hakbangin laban sa mga Kastila ay doon pinag-uusapan.

Kung sakalit may mga nagmamasid na sumapi sa kanilang kapisanan ay doon din sa puno ng balimbing dinadala. Kayat halos lahat ng mga gawain nila ay doon pinagkakaisahan sa ilalim ng puno ng balimbing. Nang malaunan ay napagkaisahang tawagin ang lugar na yaon ng "BALIMBING" na hanggang sa ngayon ay taglay pa ng nayong ito.

ALAMAT NG MGA NAYON NG BUNGA, BALAYONG AT BAYAKITOS

Noong unang panahon ay may isang pook na kung saan napakarami ang mga puno ng bunga kaya ito ay tinawag na nayon ng Bunga. Ang tumitira rito ay isang malaking tribo ng mga tao at tinawag na isang barangay. Mapayapa at matahimik ang kanilang pamumuhay. Dahil sa kalakihan ng barangay na ito, hinati ito at tinawag na Silangang Bunga at Kanlurang Bunga.

Nagbago ang bigkis ng pagkakaisa ng mga tao at dumating ang mga Kastila. Napansin ng mga Kastila na ang mga tao ay nnaipon sa gitna ng pook na ito kaya inutusan silang maghiwa-hiwalay ng tirahan. Lubhang makapangyarihan ang mga Kastila kaya ang mga tao ay lubos na nagsisunod. Nagkawatak-watak sila at napapunta sa ibo't ibang lugar sa pook na ito.

Ang isang pangkat ay napapunta sa isang lugar na kahuyan na may natatanging punungkahoy na malaki na kung tawagin ay balayong kaya dito nila hinango ang pangalan ng nayon ng Balayong.

Ang isa namang pangkat ay napapunta sa isang madamong lugar. Napansin nila na marami ritong halaman na ang katawan ay matinik at mapupula ang bunga na kung tawagin ay sampinit. Ang mga Kastila ay nanguha ng mga sampinit at tinawag nilang baya na sa wikang Ingles ay berry. Dahil dito Bayakitos ang itinawag nila sa pook na ito, hango sa salitang baya o sampinit.

Ang isang pangkat ng mga tao ay napapunta sa pook na kalapit ang isang malaking ilog. Ang ilog na ito ay mayroong malalapad na mga bato na pinagtipakan ng mga batong ginamit sa paggawa ng simbahan. Tinawag nila itong Tipacan.

Ang ibang pangkat ng mga tao ay hindi na umalis sa pook ng Bunga at ang mga karatig nayon nito ay Balayong at Bayakitos.

ALAMAT NG MGA NAYON NG ALUMBRADO, TALAHIB AT SULSUGUIN

Ang Nagcarlan ay isa sa matatandang bayan sa Laguna kagaya ng matatagpuan sa pinagmulang kasaysayan. Ang mga nagsisipanirahan dito ay tinatawag na Malaya na mga nagsipandayuhan sa Pilipinas sa pangunguna ni Datu Puti. Isang pangkat o barangay ang sumadsad sa Sta. Cruz at ang mga nalabi'y nagpatuloy hanggang Batangas na sa tubig nagdaan. Ang mga kabilang sa barangay na ito ay nagkahiwa-hiwalay at nagkawatak-watak sa buong lalawigan ng Laguna.

Ang mga Malaya ay mag-aangkin ng higit na mataas na antas ng kultura o kaparaanan sa pamumuhay kaysa sa mga unang tao ng ating bayan. Sila ang nagdala ng mga panahin na tulad ng niyog, kape, saging, kakaw at mangga. Gumawa ng mga bahay na may mga haligi, bubong, sahig at din-

National Library of the Philippines MLPDOMMODLAL20247.tif

ding. Nag-alaga ng mga kabayo, kalabaw, baka, manok at baboy. Matahimik silang namuhay bago pa man sumalta ang mga Kastila sa Pilipinas.

Ang mga nayong binubuo ng Maiit, Sabang, Alumbrado, Talahib at Sulsuguin ay dating pinangalanang Talahib. Ang tawag sa nayon ng Palayan ay di na binago dahilan sa kinalalagyan at sa tayo ng kapamuhayan. Ang mga tubigan sa Palayan, sang-ayon sa matatanda ay kapanahon pa noong bago pa dumating ang mga Kastila.

Ang pagdating ng mga Kastila ay nakapagbabago sa sinaunang Talahib. Sa panahon ng kanilang pananakop ay pinagpapalitan ng mga Kastila at binansagan ng mga bagong pangalan at pinagbibinyagan ang mga katutubo. Inangkin nila ang pook na ito at sa panahong ito'y ibinabatay ng mga kawal Kastila sa pangyayari ang pagpapangalan sa mga lugar. May isang pangyayaring ang mga sundalong Kastila ay naligaw sa kanilang landas at upang marating ang bayan ay namaybay sila sa may sapa gaya ng turo sa kanila ng mga taga roon. Binansagan nila ang pinanggalingang pook na Sulsuguin. Ang sulsuguin ay isang katagang Tagalog na ang kahuluga'y sundan o hanapin.

Sa isa pang pangyayari, ang mga Kastila'y inabot ng gabi sa isang pook. Nagsindi sila ng mga sulong de langis upang makita ang daraanan. Tinawag nilang Alumbrado ang lugar na iyon na hango sa salitang Kastilang "Alumbrar" na ibig sabihi'y tanglawan o ilawan.

ALAMAT NG NAYON NG TALANGAN

Paanong ang isang lunan ay nagkaroon ng pangalan? Ano ang naging batayan ng mga tao sa pagbibigay ng pangalan sa lunan na kanyang pinamayanan? Katulad ng alin pa mang nayon, ang Talangan ay hinabi ang pangalan buhat sa isang alamat at sa pasalin-saling kuwento ng mga naunang nanirahan dito at maging sa mga matatandang nabubuhay pa ngayon.

Ayon sa kuwento ng matatanda noong mga unang panahon ang nayong ito ay kilala sa tawag na Inlulupig, dahilan sa dalawang ilog na may gayong pangalan. May kadalangan ang mga taong noo'y naninirahan dito, subalit matiwasay naman ang pamumuhay nila.

Ang katiwasayang ito ay nalambungan ng sindak at pagsasalat nang magkaroon ng digmaan. Namayani ang pagpapatayan at nabulabog pati na ang tahimik na pamumuhay ng mga mamamayan. Upang may maipag-agdong buhay dala ng kawalan, ang mga mamamayan mula sa mga karatig-pook ng nayong Talangan ay nagkaisip na magbiyahe ng mga kalakal. Ang sentro ng negosyo ay ang bayan na ngayon ay Pila at Sta. Cruz. Sapagkat nang mga panahong yaon ay walang sasakyan kaya ang mga tao ay naglalakad o dili kaya ay nangangabayo. Sila ay dumaraan sa nayong ito. Maluwalhati silang nakapagpanyao't dito. Ngunit ang kapanatagan ng loob ng mga magdaraan dito ay nahalinhan ng pagkatakot nang sa nayong ito ay may nagkutang mga tulisan. Pinagkatakutan ang pagdaraan dito mula noon, pagkat bawat magdaan dito o mapaligaw sa lugar na ito ay hinaharang ng mga tulisan at pinupugutan ng ulo. Ang ulong pinugot ay buong katuwaang ihahagis pataas o itatalang ng tulisang namugot. Buhat noon, hanggang sa matapos ang digmaan ang nayong ito ay kinilala at napatanyag sa tawag na Talangan na nagmula sa salitang itinatalang o talangan ng mga pugot na ulo.

ALAMAT NG BANAGO

Ang Banago ay kagaya rin ng ibang nayon sa Pilipinas na mayroong makasaysayang panimula. Ilang tao lamang naman ang namamalita tungkol sa pinanggalingan ng pangalan na di umano ang pook na ito ay punung-puno ng mga punong kahoy na animo'y munting kagubatan. Ang karamihan sa mga punong kahoy na ito ay tinatawag na Banago.

National Library of the Philippines NLP0000000LAL29248.tif

Ang kaunaunahang mag-anak na naninirahan dito ay pinamumunuan ng tinatawag na Cabeza.

Lumipas ang ilang panahon, dumarami na ang mga tao sa pook na ito. Ang mga punong kahoy ay pinuputol upang pagtayuan ng mga bahay. Marami na ang mga taong naninirahan sa pook na ito hanggang isang araw ay may napadaang isang Kastila at itinatanong kung ano ang tawag sa pook na ito. Hindi marunong ng salitang Espanyol ang Cabeza at ang akala ay ang itinatanong ay ang punong kahoy na malapit sa kanila. Ang sagot ng Cabeza ay Banago.

Simula noon ang lugar na ito ay tinawag na Banago.

ALAMAT NG NAYON NG TIPACAN

Ayon sa ulat ng matatanda, noong unang panahon ang nayong Tipacan ay walang tiyak na pangalan. Ang kasaysayan ng pagkakaroon nito ng pangalan ay naganap nang di inaasahan.

Sa lugar na iyon ay maraming taong naninirahan na karamihan ay mga magsasaka. Ang kanilang ikinabubuhay ay nagmumula sa bukid na kanilang nililinang. Sa isang panig ng pook na ito ay may isang batis na maraming malalaking bato. Malaking tulong para sa mga naninirahan dito ang naturang batis. Iyon ay nagsisilbing labanan, paliguan at kung minsan ay kanilang pangisdaan.

Sa gayong kaparaanan sila nabubuhay. Hanggang sa isang araw ang mga tao ay biglang nangapamulagat at di naikubli ang paghanga nang sila ay dalawin ng isang napakaganda at mayamang babae. Mabait at bukas-palad sa pagtulong sa mga taong nangangailangan ang naturang babae.

Nabanggit niya sa mga taong nakadaupang-palad na nais niyang magnatayo ng simbahan sa kabayanan pagkat ang bayan nating ito noon ay wala pang simbahan. Sinabi din niyang siya ang sasagot sa lahat ng magugugol.

Pinasimulan ang pagpapatayo ng simbahan at ayon sa matatanda ang mga batong ibinuo sa ating simbahan ay nagbuhat sa batis na ngayon ay Tipacan. Pinagtitipak nila ang naglalakihang bato. Ang pinagtayuan ng simbahan at ang pinagkunan ng mga bato ay lubhang napakalayo, subalit iyon ay hindi naging sagabal para sa mga mamamayan. Sa pamamagitan ng kanilang ginawang hanay na napakahaba at pag-aabutan naging tagumpay ang pagpapatayo ng simbahan. Di gaganong hirap ang nalsap ng mga tao, ngunit masigla silang nagsipagtrabaho.

Utang natin sa kanila na ating mga ninuno ang pagkakaroon natin ng simbahan gayon din naman sa may gintuang-pusong si Ana Kalangi Sa makasaysayang paghihirap ng mga tao at mula sa kanilang pagtitipak ng malalaking bato hinugot at binuo ang pangalang TIPACAN.

ALAMAT NG PALAYAN

Noong unang panahon sa dakong kanluran ng bayan ng Nagcarlan ay may dalawang sapa. Sa pag-itan ng dalawang sapa ay mga kalawakan at kapatagang lupa. Ito ay binulta at ginawang tubigan o taniman ng palay. Sangayon sa ating mga ninuno ang dalawang sapang ito ang siyang pinanggalingan ng tubig sa tubigan. Ang tawag sa nayon ng Palayan ay di na binago dahilan sa kinalalagyan ng tayo ng kapamuhayan. Ang tubigan sa Palayan ay kapanahon pa noong bago pa man dumating ang mga Kastila. Maraming palay ang naani sa tubigan kaya ang lugar na "Palayan" ay may kahulugan isang lugar na maraming palay.

ALAMAT NG STA. LUCIA

National Library of the Philippines MLP0000DLAL29249.tif

Humigit-kumulang ay mga dalawang daang taon na ang nakalilipas nang ang maliit na nayong ito na kung tawagin ay Sta. Lucia ay wala pang tiyak na pangalan. Ang nayong ito ay maymong limang kilometro ang layo sa bayan ng Nagcarlan. Noong panahong iyon ay mga pito hanggang sampung pamilya pa lamang ang naninirahan sa nayong ito. Ang mga naninirahan dito noon ay pawang masasaya dahilan sa masaganang ani ng kanilang palayan, niyugan, gulayan at mga hayupan. Anupat maligaya silang nabubuhay sa araw-araw hanggang sumapit ang isang araw na hindi nila inaasahan na magkaroon ng sakit na lumaganap sa maliit na nayong ito na hindi kayang pagalingin ng mga manggagamot na Kastila at ng ilang mga albularyo. Marami ang namatay sa banig ng karamdaman. Ang ilan ay nangamatay kaya halos nawalan na ng pag-asa ang ilang nalalabing naninirahan dito na gumaling pa ang mga maysakit.

Isang araw ay bigla na lamang sumipot ang isang babaeing balangkinitan ang pangangatawan na di lubhang kataasan, matangos ang ilong, may matang parang nangungusap na kung pagmamasdan mong mabuti ay mapagwawari mong isang banyaga. Ang babaeing ito ay siyang naging lunas sa mga karamdaman ng mga taong maysakit lalo na iyong mga taong lumalabo ang mata at nabubulag. Ang babaeing ito ay nakilala sa pangalang Lucia. Siya ay naninirahan sa maliit na nayong ito na malapit sa isang sapa.

Hindi nagtagal at ang karamdaman ng mga tagarito ay biglang napawi. Ang ilang mga naninirahan sa mga kanugnog pook ay nakabalita sa mapaghimalang panggagamot ni Lucia, kaya ang kanyang pangalan ay naging bukang-bibig ng marraming tao dahil sa kahusayan niyang gumamot. Ang bagay na iyon ay di nakaila sa ilang manggagamot na Kastila sa bayan ng Nagcarlan.

Humina ang panggagamot ng mga manggagamot na Kastila dahil sa kabutihan na paraang ginagawa ni Lucia at ang higit sa lahat ay ang di nito pagsingil ng bayad. Naging dahilan ito ng pagkaglit ng ilang manggagamot na Kastila kay Lucia. Ipinadakip ito sa Guardia Civil at pinaratangan ng panggagamot ng walang pahintulot ng pamahalaang kastila. Si Lucia ay nangatwiran at sinabi niyang ang ginagawa niya ay isang pagtulong lamang sa mga mahihirap na tao subalit ito'y hindi pinakinggan ng mga Kastila at sa halip ay dinakip siya ng mga may kapangyarihan at siya ay ikinulong sa piitan.

Isang araw ay natagpuan na lamang at sukat ang bangkay ni Lucia sa loob ng piitan na dukit ang dalawang mata at putol ang dila. Mula noon bilang paqdakila sa kabutihan ng mga nagawa ng babaeing ito, ang maliit na nayong ito ay pinangalanang Sta. Lucia.

ALAMAT NG YUKOS

Bago pa dumating sa Pilipinas ang mga Kastila, ang pook ng Yukos ay pinaniniranhanan nang mga tao. Ang nayong ito ay maliligid ng tubigan. May mga niyog at iba pang halamang tanim ang mga tao noon. Madalang ang mga bahay sa pook na ito sapagkat karaniway naninirahan sa bayan. Ang mga taong nagtitira at nagpupunta rito ay nagtatanim o nag-aani ng palay kung kaynt lagi-lagi na lamang natatanaw na nakayuko. Nang dumating ang mga Kastila ay wala pa ring pangalan ang pook na ito kung kayat tinawag na Yuko sa ayos ng mga taong gumagawa at diumano'y humi ng ibon na laging nariririg ng mga tao ay "yuko-yuko."

Kung paano natawag itong Yukos na may dagdag na s sa huli ay sa panahon na ng mga insurektos. Tulad ng mga sabi ng mga matatanda ay may mga insurektos at Katipunero rin sa ating bayan. Nang minsang may hinahabol na mga insurektos ang mga kawal na Kastila, ay may pangkat na nagbuhat sa Ilog sa San Pablo, may pangkat na nagmula sa may Calauan at may nanggaling sa Santa Cruz. Sa layo ng nilakad ng mga kawal na Kastila ay sa Yuko sila nagkatagpu-tagpo. Napaligiran nila ang Yuko na ayon sa mga

National Library of the Philippines MLP0000GLAL2925D.tif

tao'y nayukos na ang nayon. Kung natagpuan o hindi ang hinahabol o naitago ng mga taga-Yuko ay walang makasabi. Bilang ganti sa pangyayari ay ang pangalang Yuko na nangangahulugan ng pagpapakumbaba at paggalang ay naging Yukos na ibig sabihin ay nabilog o napaligiran.

Nang ang bansa ay magsarili at umiral na ang pambansang wika, karaniwang isinusulat ng mga guro at mag-aaral ay ang pangalang Yukos.

ALAMAT NG SABANG

Mga tatlong kilometro mula sa bayan ng Nagcarlan sa paglampas ng nayon ng Palayan ay may isang nayong tinatawag na Sabang. Ang nayong ito'y madadaanan paglampas ng tubig at dinadaanan patungo sa nayon ng Alumbrado.

Noong panahon ng mga Kastila, ang mga ito'y nangangalap ng mga bibinyagang mga tao upang maging ganap na Kristiyano. Ang ilan sa mga taong ito'y ayaw pabinyag kayat sila'y nagsipagtago sa isang lugar. Ang ibang taong nahuli ay napasang-ayong pabinyag at ang iba naman ay hindi. Ang ilang taong hindi napabinyag ay pinarusahan at tinawag ng mga Kastila na El Loco, bilang kaparusahan sa mga taong hindi bininyagan na ang kahuluan ay mga loko. Ang mga taong naninirahan doon ay hindi nasiyahan sa ganoong pangalan kung kayat pinalitan at kinuha ang pangalan ng isang batis na ang pangalan ay Sabang. Ang Sabang ay pangalan ng dalawang batis. Ang salitang Sabang ay kinuha sa salitang Tagalog na Sabangan na ang kahulugan ay nagtagpo sa iisang lugar.

Hanggang sa ngayon sa nayon ng Sabang ay makikita pa ang dalawang batis na nagtagpo.

ALAMAT NG MAIIT

Sinasabing noong unang panahon ang mga nayon ng Maiit, Sabang, Alumbrado, Sulsuguin at Talahib ay isang nayon at ito ay ang Talahib. Ngunit sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas ay nagkaroon ng malaking pagbabago sa mga lugar na ito. Ang nayon ng Talahib ay napaghati-hati at ito na nga ay yaong mga nayong nabanggit sa una.

Noong unang panahon ang mga Kastila ay nangangalap ng mga tao na kanilang bibinyagan. Kaya sila ay nagtutungo sa iba't ibang pook upang mapalaganap nila ang relihiyong Kristiyano. Sila ay nakarating sa isang nayon na napaliliibutan ng mga ilog. Napansin nila na ang lugar ay may maliit na lupain na napagtatanman ng mga tao dahilan nga sa mga ilog na ito. Sa pagpapalitan ng mga tanong ay napadako ang pansin ng mga Kastila sa isang sapa. Nakita nila na ito ay may malinaw na tubig, na kaaya-aya upang mapagpaliguan. Kaya ang mga Kastila ay nagkatuwaang lumusong sa sapang iyon. Sila ay masasayang nagsipagpaliguan habang pinanunuod naman ng mga taong nayon. Di kaginsa-ginsa'y isang Kastila ang nagtanong kung ano ang ngalan ng nasabing sapa. Isang taong nayon ang sumigaw at sinabing ang ilog na yaon ay Sapa ng Maiit. Nagsigawan ang mga Kastila at sinabi nilang Maiit, Maiit. Mula noon tuwing magkakagustong maligo ang mga Kastila pumupunta sila sa Sapa ng Maiit. Hanggang sa pati na ang nayon ay tinawag na nayon ng Maiit.

ALAMAT NG BAMBANG

Ang pagiging Bambang ng nayong ito na kilala ngayon sa ganitong pangalan ay katulad ng pagkakaroon ng pangalan ng mga iba-ibang lugar sa Pilipinas. Ang mga Kastila noong una ay nagbibigay ng pangalan sa mga lugar nang naaayon sa pangyayari.

National Library of the Philippines MLP0000DLAL29251.tif

Sa pook na ito raw noong una ay may isang lalaking dito naninirahan at nakikilala bilang si Juan Bamban. Sa isang pagkakataon ay may lumapit sa kanyang isang Kastila na nagtanong kung anong lugar iyon. Ang lalaki na hindi halos nakakaunawa ng salitang Kastila ay nag-akalang itinatanong ng dayuhan ang kanyang pangalan. Kayat sinabi ng lalaking siya'y si Juan Bamban. Nakahalata ang Kastila na hindi naintindihan ang ginawa niyang pagtatanong at iniba naman niya ang usapan. Inusisa nito sa lalaki kung ano ang mga munting kanal na tinatakbuhan ng malinis na tubig at kung saan nagmumula ang mga walang tigil na agos niyon. Ang kinalalagyan nila'y napapagitanan ng dalawang kanal at itinuro niya sa lalaki ang mga iyon na parang nauunawaan nito ang kanyang ibig sabihin. Nakahiwatig naman ang lalaki sa bagay na gustong malaman ng dayuhan at sinabi niyang ang mga iyon ay bambang na nagbubuhat sa mga mumunting bukal sa lupa na pinapagtagputagpo ng kalikasan. Ang paliwanagan nila'y sa pamamagitan ng mga halu-halong salita at mga muestra o senyas ng mga kamay at sa ganoon ang dalawa'y nagkaunawaan.

Nang mamaalam na ang Kastila ay paulit-ulit nitong sinambit ang salitang bambang at nang maibalita niya sa mga iba pang mga kasamahang Kastila na kung ibig ng mga itong makarating sa isang lugar na kung saan may kanal na dinadaluyan ng masagana at kumikinang na tubig ay kailangang magpunta sila sa Bambang. Upang iyon ay madali nilang matagpuan ay makabubuting ipagtanong nila ang gawing tinitirahan ng isang taong nagngangalang Juan Bamban.

Iyon na nga ang naging dahilan kung kayat pasimula noon at hanggang sa kasalukuyan ay Bambang na ang naging katawagan sa nasabing pook na ngayo'y isa na sa mga umuunlad na nayon ng bayan ng Nagcarlan.

ALAMAT NG TAYTAY

Isang bundok na malawak, kakahuyang anong kapal
mga matsing na nangagbitin, sa baginang masusukal
mga usa'y walang tahan, araw gabi ay umaangal
naglipana pati ahas at mga sawang matatakaw.

Isang tao'y nangaso, sa libig niyang kabundukan
napadpad pati doon sa loobang kagubatan
katuwaa'y sabihin pa ng kanyang masumpungan
sa loob nitong bundok mayroong bukal at batisan

Nang siya ay dumating na sa kanilang sintang bayan
nagbalita agad-agad sa bundok na kanyusan
kapatagang anong lawak bawat sulok ay batisan
naghihintay ng maraming mga taong magbubungkal

Nang ito'y malinis na't bawat patag ay matamnan
niyong taong masisipag araw gabi'y walang tahan
macdan mo at nangagtirik nililibot ang batisan
mga dampa at mga kubong pawang yari sa kawayan

Ang panahon ay lumawig ang panghon ay tumanda
siniputan ng dalaga't nagkaroon ng binata
ang dalawa'y nagibigan bawat isa ay sumumpa
ng sumpang hanggang langit saksi pati si Bathala

Tuwing hapo'y nagtatagpo sa batisang anong linaw
ang dalaga at binatang pinagbigkis ng sintahan
kung dalaga ang mauna, ang binata'y hinihintay
kung binta ang mauna, ang dalaga'y hinihintay.

Isang hapon ang binata'y anong lungkot anong panglaw
samantalang naghihintay sa dalagang kasintahan

National Library of the Philippines MLPSOMBDLAL20252.tif

dumilim na't gumabi na ay di pa rin dumaratal
kaya pala nagkagayo'y iningkanto sa batisan

Nang ito ay maalaman ng binatang nagmamahal
di na rin umalis doon sa tabi nga tiyong bukal
araw gabi'y nakaluhod at parating nagdarasal
naghihintay-hintay pa rin hanggang siya ay namatay

Buhat dito sa istorya, buhat doon sa alamat
ang pangalang itinawag sa nayon kong anong galak
ay tinawag ng maraming TAYTAY itong aming lugar
pati doon sa batisang anong lamig anong sarap.

- o -

Inihanda ng:

PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

Gng. Rosa F. Manalang - - Tagapangulo
G. Rafael Monakil - - - - Ka-Tagapangulo
Gng. Gaspara Arcigal- - - Kalihim
Gng. Isabel Benitez - - - Kagawad
Sister Salvacion - - - - Kagawad
Gng. Adela F. Lucido- - - Kagawad

National Library of the Philippines NLP0000000AL29253.tif

ALAMAT NG TAYTAY

Ang Taytay ay isang malaking nayon na nasasakupan ng bayan ng Nagcarlan. Ito ay natatagpuan sa pagitan ng bayan ng Rizal at Nagcarlan. Maunlad na nayon ang Taytay na may kumpletong paaralang elementarya.

Sinasabing noong unang panahon ang nayon ng Taytay ay isang malawak at madawag na kagubatan na maraming mababangis na hayop ang naglipana tulad ng matsing, baboy-damo, ahas at iba pa. Dahil dito kinatatakutan ng mga taong magdaan o mangahoy sa pook na ito.

Isang araw isang matapang na lalaki ang di akalaing mapadako sa kagubatan na ang layunin ay mangaso at manghuli ng baboy-damo. Sa kabutihang palad marami siyang nahuling baboy-damo. Nang katirikan ng araw ay nakaramdam siya ng matinding pagkauhaw, kayat napilitang siyang maghanap ng tubig na maiinom. Hindi naman siya nabigo sapagkat nakakita siya ng isang batis na malinis at malinaw na malinaw.

Umuwi ang lalaki sa kanilang bayan na punung-puno ng kasiyahan. Naipasiya niyang siya'y magbalik sa nasabing pook. Ibinalita niya sa kanyang mga kababayan ang pook na kanyang pinanggalingan. Ang mga kababayan niya ay nagalak at nasiyahan sa ibinalita sa kanila. Napagkasunduan nilang sumama sa naturang pook.

Kinabukasan isang grupo ng mga matitipunong lalaki ang masasayang nagsitungo sa kagubatan. Makalipas ang isang linggong pagtutulungan sa pagbubungkal at paglilinis ng malawak na kagubatan, ang pook ay naging malinis at kaigaigayang pagtayuan ng mga tahanan.

Hindi naglipat-buwan at maraming tahanan ang nagtayo. Ang lahat ng pamilya ng mga nagsipaglinis ng pook ay naglipat ng kani-kanilang tahanan doon. Dumami nang dumami ang mga tao at naging maunlad ang nayon. Bukod dito matahimik at nagkakaisa ang magkakanayon. Ang bawat isa'y masisipag at may kani-kaniyang lupaing binubungkal.

Nang dumating ang mga Kastila ang munting nayon ay hindi nakaligtas sa mga yapak ng mga dayuhang puti. Nabalitaan ng mga binatang Kastila na may isang magandang dalaga sa nayon. Naghandog ng pagibig sa dalaga ang binatang Kastila. Nang malaman ng ama ng dalaga ang pamimintuho ng Kastila sa anak, pinagbawalan ito na tanggapin ang binata sa pag-akyat ng ligaw.

"Mula ngayon ayaw ko nang makita pang umakyat sa ating pamamahay, o di kaya'y mapatay ko siya", ang pagbabanta ng ama.

Dahil dito ipinasabot agad ng dalaga sa binata ang banta ng ama. Mula noon sa isang tabi na lamang ng batisan nagtatagpo ang mag-singirog. Napansin ng ama ng dalaga ang malimit na pagtutungo nito sa batisan. Kayat isang hapon, walang kamalay-malay ang dalaga na sinundan siya ng ama sa batisan. Dala ng ama ang matalim niyang gulok. Nagtago siya sa malagong halaman.

Nang ang dalaga'y dumating sa tabi ng batisan ay wala pa ang kasintahan. Hindi naglaon at dumating din ang binata. Nang lumapit na ang binata sa dalaga ang ama ay lumabas sa pinagtataguan. Hinawakan ang matalim na gulok at akmang tatagain ang binata.

"Ang mga taksil," ang galit na nasambit ng ama. Nang makita ng dalaga ang gulok ng ama ay tinangka niyang pigilin ito.

"Hintay itay, intay, taytay, tay-tay, tay-tay", Ang pagpipigil ng dalaga.

National Library of the Philippines HLPDSMMDLAL29254.tif

Ngunit hindi pinakinggan ng ama ang pakiusap ng dalaga at ang binata ay tuluyang napatay ng matanda. Gayon na lamang ang pagdadalamhati ng dalaga. Hindi naglaon siya'y nasiraan ng bait. Lagi niyang inusal ang salitang tay-tay. Nanghina nang nanghina ang katawan ng dalaga hanggang sa siya'y naratay sa banig ng karamdaman. Makalipas ang ilang buwan ang dalaga'y nabalitaang namatay na binabanggit ang tay-tay. Mula noon ang nayon ay tinawag na Taytay.

- o -

ALAMAT NG ALIBUNGBUNGAN

Ang Alibungbungan ay isa sa mga nayong malapit sa bayan. Ito ay nasa ibabang-kanluran lamang ng bayan. Ang pinanggalingan ng ngalan nito ay kaugnay din ng kasaysayan ng pakikihamok ng mga Pilipino sa mga Kastila.

Nang dumating ang mga Kastila sa Nagcarlan, sila ay nagtayo ng kampo sa bayan. Pagkapagtayo ng kampo, isang pangkat ng mga sundalo ang inatasang magsiyasat sa kapaligiran nito. May kasama silang ilang giyang Pilipino. Dahil sa hindi nasisiyahan ang mga tao sa kanilang pamumuno, ang mga sundalo ay laging handa sa anumang kagipitan sa bawat paglakad nila.

Ang pangkat ay nakarating sa nayong ito. Nakakita ang pinuno ng ilang babaing may pasang kawayan at bigla siyang sumigaw ng fuego. Pagkarinig sa utos ng pinuno, pinaputukan ng mga sundalo ang mga babae. Natakot at nagpanakbuhan ang mga babae sa kahuyan. Naiwan nila ang mga pasan nilang kawayan. Nagtaka ang mga giya kayat itinanong sa pinuno kung bakit iniutos na paputukan ang mga babae. Ang sagot ng pinuno, sila'y mga kalaban at may pasan pang mga kanyon.

Dali-daling kinuha ng mga giya ang mga kawayan at ipinaliwanag sa mga sundalo na iyon ay mga bumbong lamang na ginagamit sa pagkuha ng tubig. Nanghilakbot ang mga sundalo nang mabatid ang kanilang pagkakamali. Mula noon, tinawag na nilang Alibungbungan ang nayong ito dahil sa mga aling may pasang bumbong.

- o -

ALAMAT NG LAZAAN

Ayon sa alamat, ang nayon ng Lazaan ay huling itinatag kaysa sa nayon ng Malinao. Binasabi ng mga nakatatandang nakaaalam sa kasaysayan nito na ang pangalang Lazaan daw ay kinuha sa isang pangyayari. Ang pagbibigay ng pangalan o palatandaan sa isang pook, noong unang panahon, ay hango sa bagay na kanilang nakita o narinig.

Isang araw, may napansin ang mga taong nagkukuwentuhan sa tapat ng daan. Nakita nila ang isang pangkat ng kalapakihan na tila mga dayuhan at may mga bitbit na bagay.

Di nakapagpigil ang isa sa umpukan at nagtanong sa mga dumaraan, "Taga saan po kayo at saan ang punta ninyo?"

"Hasaan", ang sagot ng nagkariringgang lalaki.

Ang nagtanong din pala ay nagkariringgan din kaya nagwika ito sa kasamahan, "Ah, mga taga Lazaan pala sila"

Ang katotohanan pala kaya may mga dalang hasaan ang mga lalaking iyon ay upang ihasa nila ang mga itak nilang pinupurol sa pagputol ng mga kahoy sa kalapit na gubat ng pook na ngayon ay tinatawag na Malinao.

National Library of the Philippines NLPDDMMDLAL29255.tif

Hinahawan nila ang pook na iyon upang panirahan. Kaya tuwing magdaraan ang pangkat ng mga lalaking ito ay sinasabi nila sa sariling mga taga Lazaan iyon.

Kaya ang pangalang Lazaan ay hango sa salitang "hasaan", isang uri ng bato na pinaghahasaan ng mga itak upang tumalim o tumalas.

Sa kasalukuyan ang Lazaan ay nahati sa dalawa at ito ang Barangay Silangang Lazaan at Barangay Kanlurang Lazaan.

- o -

ALAMAT NG MALINAO

Noong panahon ng mga Kastila, sa isang pook sa labas ng bayan ng Nagcarlan, ay may isang lugal na may naninirahang ilang pamilya. Ang mga pamilyang ito ay nasisiyahang namumuhay sa lugal na ito sapagkat malapit sila sa isang bukal. Kaiba ang bukal na ito sa lahat sapagkat sa binubukalan ng tubig ay may isang malapad na bato na nananatiling malinis at parang kumikinang sa linaw ng tubig. Ang mga tao ay nasisiyahang manalamin sa tubig sa tapat ng malinaw na bato. Dahil sa ganda at linis ng bukal, ang mga tao sa kalapit pook ay dito sumasalok ng tubig na inumin. Kaya ang lugal na ito ay laging maraming tao.

Isang araw ay may napadaang mga sundalong Kastila sa pook na ito. Nakatagpo nila ang isa sa mga sumalok ng tubig sa bukal. Nakiinom ang mga sundalo at sa kanilang kauhawan ay naubos nila ang tubig sa banga. Dahil sa sarap ng dalisay na tubig ay ipinagtanong ng mga sundalo kung saan nasalok ng tubig. Isinama ng tao ang mga Kastila sa bukal at gayon na lamang ang kanilang pagkamangha nang makita nila ang isang malaking bagay sa tubig. Nagtanong ang mga Kastila kung ano ang bagay na iyon sa tubig at ang tugon ng mga taong nadatnan doon ay batong malinaw. Nang bumalik ang mga sundalo sa bayan ay sinabi nilang galing sila sa "batong malinaw." Simula noon ang lugal na ito ay tinawag ng mga Kastila na Batong Malinao. Pagkalipas ng maraming taon ay pinangalanan ito ng mga naninirahan dito ng Malinao.

Katunayan ay makikita pa ngayon ang malapad at makinang na batong ito.

- o -

Inihanda ng:

PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

Gng. Rosa P. Manalang - - Tagapangulo
G. Rafael Monakil - - - - Ka-Tagapangulo
Gng. Gaspara Arcigal- - - Kalihim
Gng. Isabel Benitez - - - Kagawad
Sister Salvacion - - - - Kagawad
Gng. Adela F. Lucido- - - Kagawad

National Library of the Philippines NLPOOMNGLAL29256.tif

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG LAGUNA
BAYAN NG NAGCARLAN
PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

A W I T I N G B A Y A N

Sa paligid nitong landas
  Patungo sa kabukiran
May tumubong isang damo
  Makahiya ang pangalan
Maliliit pa ang dahon
  Maliliit pati tangkay
At sa dilim nitong gabiy
  Sumusolay gumagapang

Itong damong makahiya
  Di tulad ng ibang puno
sa ulan man at sa hangin
  Itoy hindi sumusuko
Ngunit dagling tumitiklop
  Kapag may kamay na humipo.

- o -

Ito palang langit kung kaya ginawa
  Sisiglan ng tubig pandilig sa lupa
Ang mga halaman nagsipanariwa
  At nagsipamulaklak ng katuwa-tuwa.

Ito palang langit kaya maliwanag
  Ang tala't bituin ay natataladtad
Ang araw at buwan kapag siyang sumikat
  Naliliwanagan buong Pilipinas.

- o -

Ang buñga ng peras, kahit malayo man
Tutumbukin ko rin, aber kong tamaan,
Ang ibinubolong, sa aking likuran,
Si Aling Cheding pa, isang kanta lamang.

Ang kanta mo Cheding, huwag mo ng itago,
Nababakas ko pa sa manggas ng baro,
Sa dulo ng tapis, sa dulo ng pañyo,
Sa dulo ng dila, napasabid silo.

(Ito ay inaawit kapag humihiling ng kanta sa dalaga)

- o -

Di umano'y isang gabi sa lilim ng ilang-ilang
  May dalawang magsing-irog nagtatalik sa suyuan
Doon nila pinagisa ang matamis na sumpaan
  Wala raw magtataksil habang sila'y nabubuhay

Samantalang ang dalaga nakahilig na payapa
  Sa bisig ng kanyang kasing tapat na binata
Sa malagong halamanan may lumitaw di kawasa
  Ama ng paraluman may gulok na bagong hasa.

National Library of the Philippines NLPDIMMDLAL29257.tif

At ng anyong susugurin ang dalawang magsing-irog
Nagkaisa na nga sila na tumalon na sa ilog,
Habang sila'y sumisisid magkakawit ang nga bisig
Ang sumpang binitiwan pakakasal na sa langit.

Mula noon tuwing umaga sa tabi ng munting ilog
May dalawang gansang puti kalaro-laro ng agos
Di umanoy alamat daw ng dalawang magsing-irog
Itinakwil ng magulang sa serena napasakop.

- o -

SA AMING PAGDATING

Sa aming pagdating, sa aming pagdating sa mahal
mong harapan.
Pinagsadya namin, pinagsadya namin kahit malayo man
Di ko alintana, di ko alintana mga kahirapan
Masayang mukha mo masayang mukha mo makita ko lamang.

Ang tala't bituin nagbigay liwanag
Nagsilbing patnubay sa aming paglakad
Kung kayat sa ngayon kung kayat sa ngayon di ka na
nahabag
Dini sa lagay ko dini sa lagay ko laging nasa hirap.

(Ito ay inaawit sa pananapat kung Pasko)

- o -

Inihanda ng:

PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

Gng. Rosa P. Manalang - - Tagapangulo
G. Rafael Monakil - - - - Ka-Tagapangulo
Gng. Gaspara Arcigal- - - Kalihim
Gng. Isabel Benitez - - - Kagawad
Sister Salvacion - - - - Kagawad
Gng. Adela F. Lucido- - - Kagawad

National Library of the Philippines NLPDOMBNDLAL29258.tif

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG LAGUNA
BAYAN NG NAGCARLAN
PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

A W I T I N G B A Y A N

BALIMBING-SINIPIAN

Kaming kalahatan nandirito't nagdiriwang
Kami po ay bumabati sa inyong lahat diyan
Balimbing-Sinipian nayon naming sinilangan,
Sakop kami ng Nagcarlan, Laguna ang lalawigan

Kami po ang taga nayon, may magagandang samahan
Dugo namin ang malinaw kahit kami'y walang yaman,
Balimbing-Sinipian dito kami isinilang,
Anak kami sa pag-ibig pinagtalik ng sumpaan.

- o - o -

BAHAY KUBO

Ito ang pangkat naming kabataan, hey
Narito na kami, nais ay maghandog ng pang-aliw,
Maligayang bati sa inyong pagdating,
Ang buong galak pagbati nami'y dinggin,
Itong sumasamo, ngayo'y pangkat namin
Narito na kami, nagpapakilala sa paggalak at
pagkakaisa
Tamuhin ngayon ang tuwa at ligaya
Kakulangan ay ipaubaya.

Kahit dukha ang pag-ibig,
At walang yaman dahil sa'yo
Ang aming tahanan ay kubong maliit,
Ngunit laging handang-handa magmalasakit
sa pag-ibig.
Nayon namin wagas kung umibig
Sa lahat ng samdali kung kami ay kailangan
Balimbing-Sinipian pagsadyait nalalaan

- o - o -

SA PILING NG BULAKLAKAN

Sa piling ng bulaklakan
May tumubong sampaguita
Nalapit ng ilang-ilang
Kalapit ng Sampaka
May tumubong isang hasmin
Kasing kulay ng umaga
Kasintamis ng pag-ibig
Kasing sarap ng pag-asa.

Kaya mutyang paralaman
Kami sa inyo'y nagpupugay
Bati halaman sa parang
Sa inyo ay gumagalang
Kaya't aking pipitasin
Sa tangkay ng mutyang giliw

National Library of the Philippines MLPDGMMDLAL29260.tif

At ang pag-ibig ko sa iyo'y
Hinding-hindi magmamaliw

- o -

DI KO NILALAHAT

Di ko nilalahat, marami sa dalaga,
Ang pumapalo sa lalaking may kuwarta
Hindi nila natatanto na ang ligaya
Ay nasa puso ang pagsinta
Tingnan ninyo at marami na ang nangyari
Na kung magsisi'y sa bandang huli
At sa kaunting pera'y ipinalit ang puri
At di pag-ibig ang nagwagi
Marami sa mga binata akong nakikita
Nanganganamlay sa ganda ng dalaga
Hindi nila natatanto na ang ligaya
Ay nasa pusong sumisinta
Yang ang tunay, marami sa lalaki
Ganda ay palaging sinasabi
Ang wika nga ang nauuna ay nagsisisi
Nagkukumamot ang nahuhuli.

- o -

INYO SANANG PAKINGGAN

Inyo sanang pakinggan
Ang lahat kong tuturan
At inyong ulinigin
Upang kayo'y masiyahan
Di ko naman nilalahat
Nayong mga kabinataan
Karamihan sa inyo'y
Tatlo, apat ang katipan

Ang dalaga umaasa
Na siya ay mamahalin
Yan pala ay hindi at paluluha-luhain
Halina aking irog
Dini sa aking piling
Ang pusong nalulungkot
Sandali mong aliwin

- o -

ISANG BAGAY HUWAG KALILIMUTAN

Ito'y isang bagay na huwag kalilimutan
Nitong ating mga kadalagahan
Kung sila ang pipili ng asawang tunay
Ay huwag iibig sa mayaman
Sapagkat kung ang asawa mo ay mayaman
Ay nalipinin ka sa habang buhay
Mamatahin ka pa ng kanilang mgakulang
Ikahihiya sa lipunan
Mabuti pa'y isang mahirap lamang
Pagsisilbihan ka sa habang buhay
At kahit na tuyo lamang ang ulam
Ay masarap din kabuhayan

National Library of the Philippines MLPDOMMODLAL20261.tif

Ito'y isang bagay na huwag kalilimutan
Nitong ating mga kadalaghan
Kung sila ay pipili ng asawang tunay
Ang mahirap ay iwasan
Sapagkat marami sa kabinataan
Na pawang mapagpasikat lamang
Ngunit tingnan ninyo ang kanilang bulsa
Kahit isang pera'y walang laman
Nguni't kung ang asawa mo ay mayaman
Mayron kang auto, malaking bahay
At palagi pa kayo sa kasayahan
At masaganang kabuhayan.

- o -

ANG BAKYA

Ang ating sariling bakya
Ay sadyang kay gandang masdan
Sa suo't na baro't saya
Ito ay bagay na bagay
Tayo ay may mga bakyang
Gamit sa pang-araw-araw
At mayroon din naman bakyang
Ginagamit kung namamasyal.

Ang ating magandang bakya
Dito sa atin ay gawa
Di dapat na ikahiya kahit na sa ibang bansa
Ito ay sandata rin ng maraming mga mutya
Sa pilyong mga binata
Pamuk-pok nila ay itong bakya

Si Neneng laging nakabakya
Kung naglalaba doon sa sapa
At gamit din ay bakya
Kung namimitas ng mga gulay sa tumana.

Ang ating sariling bakya
Bukod sa mura ay magara
Ito ay knyang bilhin ng kahit na maralita
Dalaga't mga binata
At maging bata't matanda
Tag-araw man o tag-ulan
Ay nagsusuot ng ating bakya.

- o -

Inihanda ng:

PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

Gng. Rosa P. Manalang - - Tagapangulo
G. Rafael Monakil - - - Ka-Tagapangulo
Gng. Gaspara Arcigal- - - Kalihim
Gng. Isabel Benitez - - - Kagawad
Sister Salvacion - - - Kagawad
Gng. Adela F. Lucido- - - Kagawad

National Library of the Philippines NLPDSMSDLAL29262.tif